# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**



# MODYUL 3

## KAKULANGAN AT KAKAPUSAN SA PAGTUGON SA PANGANGAILANGAN AT KAGUSTUHAN

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 3**

**KAKULANGAN AT KAKAPUSAN SA PAGTUGON SA PANGANGAILAN AT KAGUSTUHAN**

Ang likas na yaman ay limitado. Samantalang ang kagustuhan at pangangailangan ng tao ay tila walang hanggan. Dahil dito dumaranas ang mga tao at bansa ng kakapusan at kakulangan.

Sa modyul na ito matututunan mo kung ano ang kakulangan at kakapusan at kung paano ito nakaaapekto sa bansa. Mauunawaan mo na hindi lahat ng iyong inaasam ay makakamtan.

May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

Aralin 1: Limitasyon ng Likas na Yaman
Aralin 2: Kakapusan at Kakulangan
Aralin 3: Ang Kagustuhan at Pangangailangan
Aralin 4: Ang Pilipino at ang Kanyang Pangangailangan at Kagustuhan

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang pagkakaiba ng kakapusan sa kakulangan;
2. Makikilala ang palatandaan ng kakapusan bilang isang suliraning panlipunan;
3. Masusuri ang kaibahan ng kakapusan sa kakulangan bilang batayan sa matalinong pagdedesisyon;
4. Matutukoy ang sanhi ng kakapusan;
5. Makikilala ang kaibahan ng kagustuhan *(wants)* sa pangangailangan *(needs)*; at
6. Makakabuo ng sariling pamantayan sa pagpili ng mga pangangailangan batay

sa mga teorya ng pangangailangan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pagsuko sa paggawa ng isang produkto upang maisagawa ang isa pang produkto ay tinatawag na

   A. Halaga ng oportunidad
   B. Trade off
   C. Kakulangan
   D. Kagustuhan

2. Ang papaunting pakinabang na natatamo habang dumadami ang produksyon ng isang produkto

   A. Halaga ng oportunidad
   B. Batas ng papaunting pakinabang
   C. Trade off
   D. Likas na kakulangan

3. Ang pagkakaroon ng dagdag na produktong nalilikha mula sa parehong halaga ng produksyon

   A. Efficiency
   B. Produktibidad
   C.Teknolohiya
   D. Pag-unlad

4. Ang pagdami ng nagagawa ng isang manggagawa kumpara sa dati niyang nagagawa

   A. Efficiency
   B. Produktibidad
   C. Teknolohiya
   D. Pag-unlad

5. Ito ay isa sa pangunahing pangangailangan.

A. Pagkain
B. Kotse
C. Alahas
D. Damit

6. Ang unang baytang sa pangangailangan ayon kay Maslow ay

A. pangangailangang pisyolohikal
B. pangangailangang pangkaligtasan
C. pangangailangan sa pagmamahal
D. pangangailangan sa dangal at pangalan

7. Ang pamantayan sa pagsusunud-sunod ng mga kagustuhan ayon sa kahalagahan ay nakasalalay sa

A. Kita
B. Panlasa
C. Kultura
D. Artista

8. Ang ikalawa sa limang bahagdan ng pangangailangan ayon kay Maslow.

A. Pisyolohikal
B. Seguridad
C. Pangalan
D. Kaganapan

9. Ang salik ng produksyon na nagsasama-sama sa iba pang salik ng produksyon upang makagawa ng kalakal

A. Lupa
B. Paggawa
C. Kapital
D. Entrepreneur

10. Isa ito sa paraan ng di-solusyon sa kakapusan

A. Episyenteng paggamit ng yaman
B. Produktibidad ng manggagawa
C. Paglaki ng populasyon
D. Pagdami ng kapital

11. Ang resulta ng kakulangan sa pagkain bunga ng kakapusan

A. Malnutrisyon
C. Kahirapan
B. Gutom
D. Kawalang trabaho

12. Ang epekto ng pag-aagawan sa pagbili ng produktong kulang sa suplay

A. Pagbaba ng presyo
C. Taggutom
B. Paglago ng industriya
D. Pagtaas ng presyo

13. Ito ay tumutukoy sa mga bagay na nagpapagaan sa uri ng pamumuhay

A. Pangangailangan
C. Kakulangan
B. Kagustuhan
D. Kakapusan

14. Ang proseso ng pagsasama-sama ng ng lupa, paggawa, kapital at entrepreneur upang lumikha ng kalakal o paglilingkod

A. Distribusyon
C. Produksyon
B. Alokasyon
D. Trade off

15. Ang panandaliang solusyon sa kakulangan ng suplay sa mga produktong di malikha sa bansa

A. Pagkakalakal
C. Pag-export
B. Pag-aangkat
D. Pagpipili

16. Ito ay isa sa positibong epekto ng paglaki ng populasyon

A. Kakulangan sa pagkain
B. Pagkakaroon ng maraming pabahay
C. Paglaki ng mangungunsumo
D. Paglaki ng gagastusin sa serbisyong panlipunan

17. Anong pangangailangan ang pinakamataas ayon kay Maslow

A. Pisyolohikal
C. Kaganapan
B. Seguridad
D. Karangalan

18. Ilang porsyento ng 76.5 milyong Pilipino ang mahihirap ayon sa NSO sa taong 2000

A. 20
B. 30
C. 40
D. 50

19. Ang pinakamahirap na probinsya sa Pilipinas noong 2000

A. Sulu
B. Masbate
C. Lanao del Norte
D. Saranggani

20. Ito ay tumutukoy sa hangganan ng produktong pang-ekonomiya.


A. Kakapusan
B. Kakulangan
C. Kahirapan
D. Pangangailangan

**ARALIN 1**

**LIMITASYON NG LIKAS NA YAMAN**



Ang araling ito ay susuri sa limitasyon ng likas na yaman. Matututunan mo na ang likas na yaman na pinagkukunan ng materyales upang lumikha ng kalakal ay limitado at nauubos. At dahil anumang materyales sa produksyon na limitado o kakaunti ay may mataas na pang ekonomikong halaga, ang mga ito ay dapat episyenteng gamitin upang makapagbigay ng lubos na kapakinabangan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang pang-ekonomikong epekto ng limitasyon ng likas na yaman;
2. Maipapakita ang wasto at episyenteng paggamit ng limitadong likas na yaman;
3. Matutugunan ang mga pangunahing katanungan hinggil sa maksimisasyon ng yutilisasyon ng likas na yaman; at
4. Maipaliliwanag ang konsepto ng “trade off”, “opportunity cost” at “law of diminishing return”.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Isulat sa patlang kung Tama o Mali ang mga sumusunod.


_______1. Ang kakulangan sa materyales ay nagpapataas ng presyo ng produkto na nagmumula rito.

_______2. Mayaman ang ekonomiya ng isang bansa na may maraming likas na yaman.

_______3. Kailangang tugunan ang katanungang “Ilan ang lilikhain?” upang magamit lamang ang tamang dami ng materyales.

_______4. Nagkakaroon ng pagwawaldas ng materyales kapag hindi napapanahon ang paglikha ng produkto mula rito.

_______5. Ang desisyong huwag maglikha ng produktong kailangan ay nakalulustay sa oportunidad.

B. Tinawag ang punong ito na puno ng buhay dahil sa dami ng paggagamitan. Ngunit hindi lahat ay maaaring ibigay dahil baka magkaroon ng higit na suliraning pangkabuhayan.

1. Anu-anong mga bahagi nito ang mapapakinabangan at anong produkto ang magagawa mula sa mga ito?

| BAHAGI | PRODUKTO |
|---|---|
| 1. ________________ | _________________________ |
| 2. ________________ | _________________________ |
| 3. ________________ | _________________________ |
| 4. ________________ | _________________________ |
| 5. ________________ | _________________________ |

2. Kung hingin ko ang katawan ng puno, ibibigay mo ba? Bakit?

Ang mga likas na yaman ay may natural na limitasyon. Una, ito ay bihira, nauubos at karamihan dito ay hindi na napapalitan. Ikalawa, ang mga ito ay kailangan pang gastusan upang hanguin mula sa natural nyang kinalalagyan upang mapakinabangan, bagay na nagpapataas sa presyo ng mga produkto na nagmumula rito. Ikatlo, hindi lahat ng bansa ay nabiyayaan ng kasindaming likas na yaman. Ang iba ay mayaman rito at ang iba naman ay salat. Ikaapat, Ang wasto at episyenteng paggamit nito ay nangangailangan ng karampatang teknolohiya. Ikalima, ang pagkuha nito ay kalimitang nagdudulot ng pagkasira sa pagkabalanse ng ekolohiya. At ang ikaanim, ang halaga nito ay depende sa produktong nagagawa mula rito at ang higpit na pangangailangan sa paggamit nito.

Dahil sa limitasyon ng mga likas na yaman nagkakaroon ng kakapusan at kakulangan. Ang kakapusan ay tumutukoy sa limitasyon o hangganan sa mga produktong pang-ekonomiya. Nagiging dahilan ito upang humanap ng iba't ibang paraan upang lubos ang paggamit ng yaman ng bansa, samantalang ang kakulangan ay isang kalagayang panandalian lamang. Maaaring ang kakulangan ay dulot ng mga mangangalakal. Artipisyal ito sa dahilang itinatago nila ang kalakal upang magkaroon ng malaking tubo. Ang mga halimbawa nito ay ang kakulangan ng bigas, semento, at asukal. Ang pagtatago ng suplay ay tinatawag na "hoarding". Ito ay higit na nakapagpapalala ng kakulangan at ng pagtaas ng presyo.

Sa paggamit ng likas na yaman sa paglikha ng produkto, may mga mahahalagang katanungang dapat sagutin at pagpipili na dapat gawin upang lubos itong mapakinabangan. Ang mga katanungang ito ay ang sumusunod:

1. Anong produkto ang dapat ilikha?
2. Gaano karami ang dapat likhain?
3. Papaano ito lilikhain?
4. Para kanino ito lilikhain?

*Anong produkto ang dapat likhain?* Ang ekonomikong lipunan ay kailangang isaalang-alang at tugunan ang kagustuhan at kailangan ng kanyang mga mamamayan. Ang kagustuhang likhain ang mga produktong kailangan at ninanais ng mga mamamayan ay maaaring malimitahan ng kung anong uri ng materyales mayroon ang isang lipunan. Kaya kailangan mamili kung anong produkto ang higit na makakatugon sa mga ninanais sapagkat kalimitan ay hindi kayang likhain lahat dahil sa limitadong yaman. Nagkakaroon ng "trade off" o pagsuko sa ibang mga ninanais upang makamtan ang mas higit na kailangan


*Gaano karami ang dapat likhain?* Dahil limitado ang yaman at mahal ang produksyon, kailangan alamin kung gaano karami ang maaring likhain mula sa limitadong yaman upang makagawa ng tamang alokasyon ng yaman nang sa ganun ay matugunan ang maraming ninanais na produkto at maiwasan ang pag-aaksaya. Ang pagpapaliban o di paglikha ng isang produktong kailangan dahil ginamit ang yaman sa paglikha ng iba pang produktong mas higit kailangan ay nagkakaroon ng tinatawag na "opportunity cost". Ito ang presyo ng pagsuko ng benepisyong makukuha dahil ginamit sa iba ang limitadong yaman.

*Paano ito lilikhain?* Maraming paraan sa paglikha ng kalakal at serbisyo. Maaaring gumamit ng yamang tao o yamang pisikal at teknolohiya. May mga paraan na matipid at may paraan namang maaksaya. Kapag episyente ang paraan, maraming produkto o serbisyo ang nalilikha sa kakarampot na yaman at dahil dito mas maraming pangangailangan ang matutugunan at magagamit pa sa paglikha ng iba pang produkto ang natipid na yaman.

*Para kanino ito lilikhain?* Mahalaga ang katanungang ito sapagkat kailangang balanseng matugunan ang pangangailangan at kagustuhan ng lahat ng sektor ng lipunan at hindi yaong mangilan-ngilan lamang. Ang kakayahan ng mga sector na maabot ang presyo ng produkto at serbisyong lilikhain ay mahalagang alamin upang mahati nang tama ang alokasyon ng limitadong yaman. Ang ekwetableng distribusyon ng produkto at serbisyo ay kailangan sapagkat ang maling desisyon dito ay nagbubunga ng "opportunity cost", kakulangan, kakapusan at kahirapan.

Sa paggamit ng yaman sa produksyon, may tinaguriang batas ng papaliit na pakinabang (law of diminishing return). Ito ay nagsasaad na umuunti ang pakinabang


na nakukuha sa isang produkto habang patuloy na dinadagdagan ang produksyon nito sa halip na gamitin ang yaman sa produksyon ng iba pang produkto. Kaya kailangan ng tamang pagpili at pagdedesisyon sa paggamit ng yaman.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gawain: Pag-aralan ang grap sa ibaba at sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

**Registered Live Births and Deaths**
**1970 to 2001**
**(in million)**




**Births**
**Latest: 1.714 million (2001)**
**High: 1.766 million (2000)**

**Deaths**
**Latest: 0.382 million (2001)**
**High: 0.382 million (2001)**

Source: National Statistics Office (NSO)

1. Anong uri ng grap ito? ____________________________________________
   ____________________________________________
2. Tungkol sa ano ang grap?____________________________________________
   ____________________________________________

3. Ano ang kahahantungan kung patuloy ang pagtaas ng bilang ng isinisilang kaysa sa namamatay?____________________________________________
____________________________________________________
4. Ano ang epekto ng ipinakikita ng grap sa likas na yaman ng bansa?_______________________________________________
____________________________________________________
5. Ang tao ay isang ring yaman. Anong katotohanang tungkol sa yaman ang ipinakikita ng kamatayan?______________________________________
____________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang mga likas na yaman ay may natural na limitasyon.
- Dahil sa limitasyon ng mga likas na yaman nagkakaroon ng kakapusan at kakulangan.
- Ang kakapusan ay tumutukoy sa limitasyon o hangganan sa mga produktong pang-ekonomiya. Nagiging dahilan ito upang humanap ng iba't ibang paraan upang lubos ang paggamit ng yaman ng bansa.
- Ang kakulangan ay isang kalagayang panandalian lamang.
- Sa paggamit ng limitadong yaman may mga katanungang dapat sagutin:
    - Anong produkto ang dapat ilikha?
    - Gaano karami ang dapat likhain?
    - Papaano ito lilikhain?
    - Para kanino ito lilikhain?
- Ang "trade off" ay pagsuko sa ibang mga ninanais upang makamtan ang mas higit na kailangan.
- Ang "opportunity cost" ang halaga ng pagsuko ng benepisyong makukuha dahil ginamit sa iba ang limitadong yaman.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Ilagay sa patlang ang tamang sagot.

Ang mga kalamidad tulad ng ____________, ____________, ____________, _____________ ay sumisira sa mga pananim na nagdudulot ng maliit na ani na nagiging dahilan ng kakulangang panustos. Idagdag pa natin ang mapang-abusong paggamit ng mga likas na yaman. Ang mga mangingisada na nais ng maraming huli ay gumagamit ng __________, ____________, __________ na nagdudulot ng pagkamatay ng kahit na maliliit na isda sa katubigan. Ang pag-unlad ng industriya ng konstruksyon, kung saan ang mga lupang sakahan ay nagagamit bilang lupang __________. Dahil dito, lumiliit ang mga produktong ____________. Maaari mong itanong sa sarili mo bakit ito nagaganap o bakit ito ginagawa ng mga tao. Ito ay dahil sa pangangailangan ng tao dahil sa patuloy na pagdami ng populasyon.

B. Pag-aralan mo ang halimbawa sa ibaba at sagutin mo ang mga sumusunod:

Halimbawa ikaw ay binigyan ng nanay mo ng limampung piso upang bumili ng bolpen at papel na gagamitin mo sa pag-aaral. Ang isang bolpen ay nagkakahalaga ng limang piso gayon din ang isang pad na papel. Kailangan mo ngayong magdesisyon kung ilang bolpen at ilang papel ang iyong bibilhin. Kapag bumili ka ng sampung bolpen Ibig sabihin hindi ka makabibili ng papel at sa bawat isang bolpen na di mo bibilhin makakabili ka ng isang papel.

1. Ano ang tawag sa di mo pagbili ng isang bolpen upang makabili ng papel? ______________________________________________

2. Ano ang tawag mo sa halaga ng di mo pagkakaroon ng papel dahil binili mo ng bolpen ang lahat ng pera mo? ______________________________

3. Ano kaya ang dahilan ng kawalang nararamdaman mo kahit mayroon kang biniling siyam na bolpen at isang papel? ___________________________________________

4. Gumawa ka ng "line graph" sa ibaba na nagpapakita ng eskedule ng siyam na bolpen at isang papel, walong bolpen at dalawang papel hangang makarating ka sa isang bolpen at siyam na papel.


5. Ulitin mo ang grap na ginawa mo at ipakita mo ang epekto ng "law of diminishing return".

**ARALIN 2**

**KAKAPUSAN AT KAKULANGAN**



Sa araling ito, susuriin mo ang mga palatandaan at sanhi ng kakapusan at kakulangan. Mauunawaan mo rin na maaari tayong dumanas ng kakapusan at kakulangan kahit pa marami tayong likas na yaman. Ilalatag din ang iba't ibang solusyon sa kakapusan at kakulangan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mapaghahambing ang kaibahan ng kakapusan at kakulangan;
2. Matutukoy ang sanhi ng kakapusan;
3. Maimumungkahi ang mga paraan upang malabanan ang kakapusan; at
4. Maipakikita ang wastong paggamit sa mga kapos at kulang na yaman.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Lagyan ng tsek ang tapat ng pangungusap na nagpapakita kung ito'y sanhi, palatandaan o epekto ng kakapusan.

| | SANHI | PALATANDAAN | EPEKTO |
|---|---|---|---|
| 1. Mataas na presyo ng mga pangunahing pangangailangan. | | | |
| 2. Alitan ng kapitalista at manggagawa. | | | |
| 3. Mapang-abusong paggamit ng likas na yaman. | | | |
| 4. Patuloy na pag-angkat ng pamahalaan kahit naghihirap ang bansa. | | | |
| 5. Mababang antas ng edukasyon. | | | |
| 6. Maling prayoridad ng paggamit ng likas na yaman. | | | |
| 7. Mataas na antas ng malnutrisyon. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 8. Pagtitipid ng lahat ng mamamayan. | | | |
| 9. Mataas na antas ng kriminalidad. | | | |
| 10. Pagpapatupad ng pamahalaan ng mga batas para sa konserbasyon ng mga likas na yaman. | | | |

B. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at uriin kung ito ay kakapusan o kakulangan.

________________1. Ang maliit na deposito ng langis sa Pilipinas.

________________2. Ang pagputok ng Bulkang Pinatubo ay nagpalit ng suplay ng bigas ng bansa.

________________3. Ang madisyertong mga bansa sa Gitnang Silangang Asya ay may malaking pangangailangan sa malinis na tubig.

________________4. Ang mabilis na paglaki ng bilang ng naninirahan sa Metro Manila, mas tumaas ang pangangailangan sa pabahay.

________________5. Ang paglindol noong 1990 na nagresulta sa maliit na suplay ng gulay na nagmumula sa Baguio.

Ang kakapusan ay tumutukoy sa limitasyon o hangganan sa mga produktong pang-ekonomiya. Nagiging dahilan ito upang humanap ng iba't ibang paraan upang lubos ang paggamit ng yaman ng bansa, samantalang ang kakulangan ay isang kalagayang panandalian lamang. Maaaring ang kakulangan ay dulot ng mga mangangalakal.

Ang tao ay may mga kagustuhan at pangangailangan upang mabuhay. Ang mga pagawaan ng mga kalakal ay ginagamit ang likas na yaman upang makalikha ng produkto na tutugon dito. Samantalang ang sektor ng paglilingkod ay tinutugunan naman ang iba pang pangangailangan ng tao.

**Sanhi ng Kakapusan at Kakulangan**

Liban sa natural na kakulangan sa likas na yaman, ang hilaw na yaman na ginagamit sa produksyon ay limitado, kailangang mamili kung anong produkto ang dapat likhain kaya nagkakaroon ng "trade offs". Limitado rin ang makinarya at teknolohiya sa paglikha ng kalakal kaya minsan di maiwasang tumaas ang presyo ng kalakal. Bagay na minsan ay di makayanan ng taong nangangailangan nito. Dahil din sa laki ng gagastusin sa paglikha ng isang kalakal kaya minsan ay bihira o di na ito nililikha. Bagay na nagdudulot ng kakulangan o limitasyon sa suplay.

Ang mga kalamidad na sumisira sa likas na yaman, sa kagamitan ng produksyon at sa inprastruktura ay nakakapagdulot din ng kakapusan ng suplay. At dahil kapos ang suplay ng bagay na kailangan ng nakararami, tumataas ang presyo nito na hindi naman makayanan ng karamihan.

Ang tuwinang pagtaas ng sweldo ng manggagawa upang matugunan ang mga kahilingan ng grupong manggagawa at makayanan nilang bumili ng mga pangunahing pangangailangan ay nagdaragdag sa gastos ng produksyon. Isama mo pa rito ang pagtaas ng mga materyales sa produksyon. Dahil dito, nababawasan ang yaman na magagamit sa produksyon na minsan ay humahantong sa pagbabawas ng manggagawa sa isang pagawaan. Bagay na nagpapataas sa bilang ng mga walang trabaho.

Ang pagtaas ng bilang ng walang trabaho ay higit na nagsasadlak sa karamihan sa kahirapan - isang kondisyon ng malalang kakapusan at kakulangan. Dahil walang pagkakakitaan, lalong bumababa ang antas ng pamumuhay at higit na nararamdaman ang kakapusan at kakulangan.

Ang walang habas na paglaki rin ng populasyon at kawalan ng edukasyon ay maaring magdulot ng masidhing kakulangan at kakapusan lalo na kapag malaking bahagi nito ay walang pinagkakakitaan upang mapagkunan ng pantustos sa pangangailangan. Nakakahibas din ito ng mga iba pang yaman ng bansa.

Ang kakulangan ay maaari ring sanhi ng kawalan ng maayos na kalsada na dadaluyan ng kalakal o kawalan ng puhunan o ng mga ilegal na gawain ng mga mangangalakal na nagsasamantala tulad ng “hoarding” at “overpricing”.

Isa pang sanhi ng kakulangan at kakapusan ang hindi pantay o “equitable” na distribusyon ng kita ng produksyon. Kalimitan ang mga manggagawa ay nakakatanggap lamang ng maliit na bahagi ng kita. Dahil dito, kulang ang kanilang kakayahang makabili ng pangunahing pangangailangan. Kakaunti lamang ang yumayaman at marami ang naghihirap.  Ang paglaki sa agwat ng mahihirap at mayayaman ay lalo pang nagpapatindi ng kakapusan at kakulangan.

Ang pag-aaksaya o ang di paggamit nang tama at ang di pangangalaga sa likas na yaman at produktong ating gusto o kailangan ay isa pang sanhi ng kakapusan at kakulangan na ating direkta sanang maiiwasan subalit marami pa rin ang walang paki-alam at walang pakundangan na lalo pang nagpapalala sa kakulangan at kakapusan.

Ang kakapusan ay isang suliraning pangkabuhayan dahil kinakailangan nating mamili. Hindi natin maaaring gamitin ang lahat ng bahagi ng likas na yaman sapagkat mawawala ang pagkukunan ng ibang mga produktong atin pang kailangan.

Gumamit tayo ng isang halimbawa. Tingnan ang larawan sa ibaba.







Ang mga ito ay ilan lamang sa mga kalakal na inaangkat ng bansa. Dahil sa kakapusan ng dolyar na pambili sa mga kalakal na iyan, kinakailangan mong mamili upang di magkaroon ng suliranin. Ang kakulangan sa dolyar ay nagpapataas sa halaga nito at kapag ito’y tumaas ibig sabihin bumababa naman ang halaga ng piso at nababawasan ang mga kalakal na mabibili mo ng piso.

Nagnanais ang lahat ng tao na makamit ang lahat ng produkto ngunit hindi maaaring gawin ang lahat ng mga ito dahil sa likas na kakapusan ng likas na yaman at puhunan. Nagbubunga ito sa kakapusan ng mga produkto.

Ang kakapusan sa produkto ay nagdudulot ng di-pagtugon sa ibang pangangailangan ng tao, bagay na nagpapababa sa uri ng kanilang pamumuhay. Ito'y nagdudulot din minsan ng malnutrisyon, pagkakasakit, kawalan ng edukasyon at marami pang masasamang epekto sa lipunan. Isa rin itong sanhi ng pagtaas ng kriminalidad, kawalang kaayusan sa lipunan at matinding kahirapan.

Suriin mong mabuti ang sumusunod na talahanayan at alamin kung saang bahagi ng Pilipinas ang may matinding kakapusan:

**Table 1. Family Subsistence Incidence: Ten Poorest Provinces in Year 2000**

| PROVINCE | 1997 | 2000 |
|---|---|---|
| Masbate | 39.7 | 42.6 |
| Sulu | 38.2 | 34.2 |
| Romblon | 31.8 | 33.7 |
| Ifugao | 34.8 | 32.7 |
| Maguindanao | 18.2 | 31.2 |
| Saranggani | 26.9 | 30.9 |
| Lanao del Norte | 27.7 | 30.5 |
| Zamboanga Norte | 25.0 | 30.4 |
| Agusan del Sur | 28.7 | 29.7 |
| Camarines Norte | 25.6 | 28.7 |

Source: Social Sectors B Division, NSCB

Sa mga probinsya ng Pilipinas, ang Masbate ang nagtala ng pinakamataas na insidente ng mahirap na pamumuhay ng pamilya noong taong 1997 at 2000. Kahit pa ang Sulu ang nagtala ng pinakamataas na insidente ng kahirapan noong taong 1997 at 2000. Sa insidente ng mahirap na pamumuhay ng pamilya ay pumapangalawa ang Sulu na sinusundan naman ng Romblon

Anim sa sampung pinakamahirap na probinsya ay nasa Mindanao at apat ang nasa Luzon, samantalang dalawa naman sa limang probinsya ng ARMM at dalawa sa anim na probinsya ng rehiyon V ang nasa listahan

Noong taong 2000, mga 13.1 porsyento ng kabuuang pamilya (mga 2 milyong pamilya) ang napabilang sa mga pamilyang mahihirap ang pamumuhay, mas mababa ng 0.5 porsyento noong 1997. Mahigit-kumulang na 13 sa 100 Pilipinong pamilya ay napabilang sa ubod na mahirap noong taong 2000. Ang ibig sabihin nito ay ang taunang kita ng mga pamilyang ito ay hindi sapat upang mabili ang mga pangunahing kailangang pagkain.


**Solusyon sa Kakapusan**

Dahil sa prinsipyo ng kakapusan na hindi lahat ng ating gusto ay mapapasaatin, kinakailangan nating gumawa ng desisyon. Ang desisyong ito ay nakasalalay sa mga sistemang pang-ekonomiya. (Tatalakayin sa susunod na modyul)

Mababawasan nang bahagya ang suliranin sa kakapusan kung ang mga tao ay:

- magtitipid upang maiwasan ang pag-aaksaya ng mga kalakal na nagpapalubha ng kakapusan.
- wastong gagamitin ang likas na yaman sa produksyon.
- Sa panig ng pamahalaan, kinakailangan nilang magpatupad ng mga patakaran o batas ukol sa konserbasyon ng mga likas na yaman.
- maghahanap ng mga kalakal na maaaring ipalit sa mga kalakal na kapos.
- patataasin ang pagiging produktibo ng manggagawa.

- lubos na paggamit sa lahat ng nakatiwangwang na yaman.
- gagamit ng episyenteng proseso ng produksyon.
- lilimitahan ang paglaki ng populasyon.
- papaunlarin ang  dating yaman.
- ekwetableng ibabahagi ang kita.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**


A. Siluin ang mga salita na sanhi ng kakapusan na maaaring dulot ng kalamidad, mapang-abusong paggamit ng tao sa likas na yaman.

B.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | F | E | R | T | I | L | I | Z | E | R | H | D | M | O | L | B | C |
| A | W | B | O | D | I | M | R | A | F | G | P | I | N | O | N | G | L |
| G | A | L | E | M | O | N | K | E | L | X | M | N | O | U | M | D | A |
| Y | H | P | E | S | T | I | S | I | D | Y | O | A | P | I | I | A | M |
| O | J | L | S | T | U | W | Y | A | B | D | C | M | R | A | O | C | B |
| L | I | N | D | O | L | E | G | I | A | K | L | I | S | W | X | O | A |
| M | N | O | P | R | S | O | K | L | M | I | X | T | T | P | Y | P | T |
| A | B | D | Y | K | O | A | B | D | K | B | A | H | A | Z | Q | V | I |

B. Pag-aralan ang grap sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod:

**Philippine Population and Annual Average Growth Rate Census Years** (in million persons)



1. Anong uri ng grap ito?________________________________________________
2. Tungkol sa ano ang grap?______________________________________________
3. Noong taong 2000 mahigit-kumulang ilang milyon ba ang populasyon ng Pilipinas?_______________________________________________________________
4. May direktang relasyon ba ang antas ng pag-unlad at ang dami ng populasyon?____________________________________________________________
5. Sa iyong palagay may direktang relasyon ba ang paglaki ng kakulangan at kakapusan sa paglaki ng populasyon?___________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang kakapusan ay tumutukoy sa limitasyon o hangganan sa mga produktong pang-ekonomiya. Nagiging dahilan ito upang humanap ng iba't ibang paraan upang lubos ang paggamit ng yaman ng bansa.
- Ang mga kalamidad na sumisira sa likas na yaman, sa kagamitan ng produksyon at sa inprastruktura ay nakakapagdulot din ng kakapusan ng suplay.
- Ang pagwawaldas ng yaman, ilegal na gawain ng mangangalakal, kakulangan sa sahod, paglaki ng populasyon at iba pa ay sanhi ng kakulangan at kakapusan.
- Ang pagiging produktibo, episyenteng paggamit ng yaman, ang pagpapalago ng yaman at wastong paggamit nito ay ilan sa mga solusyon sa kakapusan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gawain A: Sagutin mo ang mga tanong tungkol sa sanhi ng kakapusan, anu-ano ang mga palatandaan nito. Subukan mong isaayos ang mga letrang nasa kahon upang makita ang palantadaan ng kakapusan. Gamitin mong gabay ang mga pangungusap sa tabi ng kahon.

1. Ang madalas na dahilan ng pag-aaklas ng mga manggagawa sa panahong may kakapusan. ____________________

| ASTAGAP GN WELSOD |
|---|

2. Ang resulta ng kawalan ng suplay ng pagkain kapag may kakapusan. ____________________

| NOYTSIRUNLAM |
|---|

3. Ang pag-uunahan ng mamimili na makabili ng kalakal sa panahon ng kakapusan ay nagdudulot ng ____________________

| PYESRO GN ASTAAGP |
|---|

4. Ito ang paraang ginagawa ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan sa panahong may kakapusan. ____________________

| TAKPAGANG |
|---|

5. Ang pagdarahop na resulta ng kakapusan ay nagiging sanhi ng ____________________

| KARMANILEDAD |
|---|

B. Magmungkahi ng tatlong hakbang sa paglaban sa kakapusan.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

C. Isulat kung tama o mali ang ipinahihiwatig ng sumusunod na mga pangungusap tungkol sa paggamit ng mga yaman.

__________ 1. Hayaan at huwag pansinin kung bukas ang gripo at tumatapon ito.

__________ 2. Ang paggamit ng dinamita sa pangingisda.

__________ 3. Ang paggamit ng bentilador kaysa aircon sa panahong malamig.

___________ 4. Sa panahong may kakulangan sa langis na pamprito, makabubuting ihawin na lang ang isda o karne.

___________ 5. Ang paggamit ng bisekleta ay alternatibo sa pagtitipid sa paggamit ng petrolyo.

D. Suriin ang sumusunod na datos at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Magbigay ng tatlong epekto ng pagkakaroon ng napakalaking utang ng Pilipinas?
   a. ____________________________________________
   b. ____________________________________________
   c. ____________________________________________
2. Noong taong 2003 magkano na ang kabuuang utang ng bansa? _____ ____________________________________________
3. Anong utang ang mas malaki panloob o panlabas? ____________________________________________
4. Ang kakulangan ba ang nagtulak sa bansa upang umutang ng ganitong halaga? Bakit? Bakit hindi? ____________________________ ____________________________________________

**Outstanding Debt of National Government by Term Structure**
**2000 - 2003**
**(in million pesos)**

| Particulars | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 |
|---|---|---|---|---|
| **Total** | **2,648,808** | **2,880,694** | **3,407,206** | **4,063,647** |
| **Domestic** | **1,080,651** | **1,270,850** | **1,492,267** | **1,726,416** |
| Actual | 1,068,200 | 1,247,683 | 1,471,202 | 1,703,781 |
| Short Term | 468,020 | 425,988 | 405,531 | 496,181 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| T-Bills | 467,275 | 425,414 | 405,226 | 495,964 |
| of which: T-Bills for BSP | 174,568 | 174,568 | 174,568 | 174,568 |
| $ Denominated T-Bills | - | - | - | - |
| Others | 745 | 574 | 305 | 217 |
| | | | | |
| Medium Term | 258,893 | 400,940 | 613,111 | 753,023 |
| GOCC T-Notes | - | - | - | - |
| Fixed Rate T-Bonds (2,3,4,5 yrs) | 258,893 | 382,200 | 577,701 | 681,510 |
| Fixed Rate T-Notes (2,3,5 yrs) | - | 11,810 | 11,810 | 11,810 |
| Fixed Rate Prmisory Notes (3,5 yrs) | | - | 11,520 | 45,590 |
| US $ Linked Phil. Peso Notes (2,3 yrs) | - | 6,930 | 12,080 | 14,113 |
| | | | | |
| Long Term | 341,287 | 420,755 | 452,560 | 454,577 |
| T-Notes | 2,416 | 2,416 | 2,416 | 2,416 |
| T-Bonds Rehabilitation Issues | 74,869 | 74,861 | 74,860 | 74,860 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| CB-BOL | 50,000 | 50,000 | 50,000 | 50,000 |
| PNB | 24,869 | 24,861 | 24,860 | 24,860 |
| Fixed Rate T-Bonds (7,10,20,25,30 yrs) | 213,822 | 263,893 | 300,673 | 303,675 |
| T-Bonds | 6,599 | 41,155 | 40,892 | 45,332 |
| Other Bonds | 8,923 | 9,255 | 9,858 | 10,437 |
| NG – Agencies Loans | 15,541 | 15,317 | 15,609 | 15,560 |
| NG - Relent Loans | - | - | - | - |
| Assumed Loans | 19,117 | 13,858 | 8,252 | 2,297 |
| | | | | |
| Contingent (Long Term) | 12,451 | 23,167 | 21,065 | 22,635 |
| | | | | |
| **Foreign** | **1,568,157** | **1,609,844** | **1,914,939** | **2,337,231** |
| Actual | 1,098,510 | 1,137,234 | 1,344,266 | 1,651,327 |
| Medium Term | 91,971 | 136,550 | 106,670 | 167,371 |
| Long Term | 1,006,539 | 1,000,684 | 1,237,596 | 1,483,956 |
| | | | | |
| Contingent (Long Term) | 469,647 | 472,610 | 570,673 | 685,904 |
| | | | | |

Note: Contingent loans refer to loans of government financial institutions (GFI's) and government-owned or controlled corporations (GOCC's) which are guaranteed by the national government.

NG - National Government
CB-BOL - Central Bank Board of Liquidators
PNB - Philippine National Bank
GOCC - Government Owned and Controlled Corporations
BSP - Bangko Sentral ng Pilipinas

***Source: Bureau of the Treasury.***

E Gawan ng “Pie Graph” ang utang ng bansa sa taong 2004.

**ARALIN 3**

**ANG KAGUSTUHAN AT PANGANGAILANGAN**



Sa araling ito, matututunan mo ang kaibahan ng kagustuhan at pangangailangan. Matutukoy mo rin ang mga pangunahing pangangailangan ng tao at susuriin mo ang hagdan ng pangangailangan na iminungkahi ni Abraham H. Maslow.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang reaksyon sa iminungkahi na hagdan ng pangangailangan ni Maslow;
2. Matutukoy ang iba't ibang pangunahing pangangailangan ng tao;
3. Mailalahad ang kaibahan ng kagustuhan sa pangangailangan; at
4. Maiuugnay ang pag-aaral ng ekonomiks sa ikakakamit ng iyong mga kagustuhan at pangangailangan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago ka dumako sa ikaapat na aralin, maglaro ka muna.

**GAWAIN A:**

Ang larawan ay isang hagdan. Layunin mo na makarating sa pinakamataas. Makakaalis ka lamang kung makukuha mong pangalanan ang mga bagay na nasa larawan. Handa ka na ba?



Nagtagumpay ka bang marating ang pinakamataas na hagdan? Mapalad ka kung nagawa mo. Kung hindi naman, pagsikapan mo.

Alam mo ba na ang iyong ginawa ay ayon sa teorya ng pangangailangan ni Abraham H. Maslow na isang sikolohiyo?

B. Ang sumusunod ay larawan ng mga bagay. Ihanay ang mga larawan kung pangangailangan o kagustuhan.



| PANGANGAILANGAN | KAGUSTUHAN |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Sa simula ay nalilito kang unawain ang mga konsepto sa pamamagitan ng kahulugan nito. Ngayon naman matututo kang gamitin ang iyong pagpapasya base sa kahulugan ng isang konsepto. Narito ang dalawang konsepto at ang kanilang kahulugan.

**Pangangailangan -** tumutukoy sa mga bagay na mahalaga sa pagpapanatili ng buhay ng tao. Mga halimbawa nito ay pagkain, damit, tirahan at kalusugan.

**Kagustuhan -** tumutukoy sa mga bagay na magpapagaan ng uri ng pamumuhay. Mga halimbawa nito ay mga aplayans, kotse, alahas at magagarang kagamitan

Ganito ba ang sagot mo sa gawain B, pangangailangan – pagkain, damit, tirahan at kagustuhan na ang naiwan? Kung nagkamali ka, isipin mo ito. Ang pangangailangan ay mga sangkap para mabuhay, samantalang ang kagustuhan ay nagsasabi naman ng uri ng buhay.

Ayon kay Maslow, ang pangangailangan ay may pagkakasunod-sunod tulad ng baitang ng hagdan.

Ang una sa hagdang ito ay ang pangangailangang pisyolohikal at biolohikal. Ito ay tumutukoy sa pagkain, damit, bahay, seks at iba pang pangunahing pangangailangan upang mabuhay.

Ang ikalawang baitang ay ang pangangailangan sa seguridad na nagdudulot ng kapanatagang loob katulad ng seguridad sa trabaho, edukasyon at ipon.

Ang ikatlong baitang ay ang responsibilidad sa lipunan tulad ng pagbabayad ng tamang buwis, pagtulong sa nangangailangan at pagiging mabuting mamamayan.


Ang ikaapat na baitang ay ang pangangailangan sa karangalan tulad ng respeto ng iba, impluwensya at pagkakaroon ng pangalan sa lipunan.

Ang huli at ikalima ay ang pangangailangan sa sariling kaganapan kung saan ang lahat ng kanyang potensyal ay maisasakatuparan.

Ang pagtugon sa unang baytang ay magbubunga ng paghahangad na marating ang susunod na baytang. Nangangahulugan, ito na ang paghahangad sa mas mataas na hangarin ay mangyayari lamang kung natugunan na ang mababang hangarin.

Liban sa pangangailangan, ang tao ay may mga kagustuhan din na inaasam-asam upang higit nyang malasap ang kaginhawahan sa buhay. Gusto nya na magtagumpay sa kanyang trabaho upang makamtan nya ang ibang luho na nagpapasaya sa kanya at nagpapagaan sa kanyang mga gawain at pamumuhay. Gusto n'ya halimbawa ng magarang sasakyan, mga mamahaling alahas, maraming salapi at marami pang iba na kung susuriin ay hindi nya naman ikamamatay ang kawalan ng mga ito. Ang pamantayan ng kagustuhan ng tao ay nakabatay sa kanyang kita, hilig, kultura, pangkat na kinabibilangan at iba pang salik.

Sapagkat ang pangangailangan at kagustuhan ng tao ay walang hanggan at ang kanya namang pinagkukunang-yaman ay limitado, nagkakaroon ng kakapusan at kakulangan sa mga mahahalagang produkto at likas na yaman. Kaya, kailangan ang mga wastong pang-ekonomikong pagdedesisyon upang gumanda ang uri ng pamumuhay ng lipunan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Magbigay ng kilala mong tao bilang halimbawa ng mga sumusunod.

   1. Nakatugon na sa ikalawang baitang ng pangangailangan__________________
   2. Nakatugon na sa ikaapat na baitang ng pangangailangan__________________

2. Ibigay mo ang mga palatandaan kung bakit mo nasabing nakatugon na sila sa baitang ng pangangailangan.

   1.
   2.

3. Isulat mo sa ibaba ang mga pangangailangan at kagustuhan mo. Magsimula ka sa pinakamahalaga sa iyo.

| Pangangailangan | Kagustuhan |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

4. Ilatag mo sa ibaba kung anu-ano ang kailangan mong gawin upang makamtan mo ang mga ito.

   1.
   2.
   3.
   4.
   5.



**Tandaan Mo!**

- Ang Pangangailangan ay tumutukoy sa mga bagay na mahalaga sa pagpapanatili ng buhay ng tao. Ang Kagustuhan ay tumutukoy sa mga bagay na magpapagaan ng uri ng pamumuhay.
- Ayon kay Maslow ang pangangilangan ay isang bahagdan. Ang una ay biolohikal, ikalawa ay seguridad, ikatlo ay panlipunang responsabilidad, ikaapat ay dangal, ikalima ay pansariling kaganapan.
- Ang pamantayan ng kagustuhan ng tao ay nakabatay sa kanyang kita, hilig, kultura, pangkat na kinabibilangan at iba pang salik.
- Ang pangangailangan at kagustuhan ng tao ay walang hanggan at ang kanya namang pinagkukunang-yaman ay limitado, nagkakaroon ng kakapusan at kakulangan sa mga mahahalagang produkto at likas na yaman.
- Kailangan ang mga wastong pang-ekonomikong pagdedesisyon upang gumanda ang uri ng pamumuhay ng lipunan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Nakatala ang mga bagay na maaari mong bilhin kung ikaw ay may P10,000. Alin sa mga ito ang una, pangalawa, pangatlo, o ang hindi mo bibilhin ayon sa halagang iyong hawak.




Mangyaring bigyan mo ng maikling paliwanag kung bakit ka nagpasya para sa mga bagay na binili mo. Ibigay ang iyong pamantayan.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

_______________________________________________________________.

**ARALIN 4**

**ANG PILIPINO AT ANG KANYANG PANGANGAILANGAN AT KAGUSTUHAN**

Sa araling ito ay aalamin natin ang mga kagustuhan at pangangailangan ng mga Pilipino bilang indibidwal, pamilya at lipunan. Susuriin mo rin ang mga datos na nagpapakita sa suplay at pangangailangan sa buong bansa.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang datos ng pangangailangan at kagustuhan ng mga Pilipino;
2. Mailalatag ang mga datos sa ibat' ibang uri ng grap; at
3. Maimumungkahi ang mga paraan kung paano ito higit na matutugunan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Pag-aralan ang talahanayan sa ibaba at gawin ang mga sumusunod:

**Table 1. Supply and Demand Situation: 1988 and 1994**
**(Value in billion pesos, at current prices)**

| Item | 1988 | | 1994 | |
|---|---|---|---|---|
| | **Value** | **Percent** | **Value** | **Percent** |
| Total Supply | 1,716.4 | 100.0 | 3,975.3 | 100.0 |
| Domestic Production | 1,475.9 | 86.0 | 3,335.6 | 83.9 |
| Imports | 240.5 | 14.0 | 639.7 | 16.1 |
| Total Demand | 1,716.3 | 100.0 | 3,975.3 | 100.0 |
| Domestic Demand | 1,489.9 | 86.8 | 3,439.8 | 86.5 |
| Intermediate | 699.7 | 40.8 | 1,585.3 | 39.9 |
| Final | 790.2 | 46.0 | 1,854.5 | 46.7 |
| Consumption | 640.0 | 37.3 | 1,439.4 | 36.2 |
| Investment | 150.2 | 8.8 | 415.1 | 10.4 |
| Exports | 226.4 | 13.2 | 535.5 | 13.5 |

1. Gumawa ng "pie graph" ng kabuuang halaga ng suplay at pangangailangan (demand) noong taong 1998 batay sa talahanayan.

Pangangailangan noong 1998 | Suplay noong 1998

2. Gumawa ng "bar graph" gamit ang porsyento ng kabuuang suplay at pangangailangan noong 2004.

Porsyento ng Pangangailangan, 2004 | Porsyento ng Suplay, 2004

Matatagpuan sa ibaba ang mga minimum indikaytor ng pangunahing pangangailangan ng mga Pilipino.

*Ang Minimum Indikaytor ng Pangunahing Pangangailangan*

| | |
|---|---|
| **Para Mabuhay** | |
| **Pagkain at Nutrisyon** | Bagong panganak na may timbang na mahigit kumulang na 2.5 kgs. (5.5 lbs.) |
| | Walang malala o di gaanong mababang timbang na bata na 5 taon pababa |
| | Buntis o nagpapasusong ina na nabibigyan ng: a) iron supplements; b) iodine supplements |
| | Mga sanggol na eksklusibong pinasuso sa huling apat na buwan |
| | Ang panganganak ay pinangasiwaan ng mga nagsanay na kawani<br>0 - 1 taong gulang na mga sanggol na lubos na nabakunahan |
| | Mga buntis na nabigyan ng dalawang bakuna sa tetanus toxoid |
| | Hindi humihigit sa isang kaso ng diarrhea kada isang bata na may edad na mababa sa 5 taong gulang |
| | Walang kamatayan sa pamilya na dahil maiiwasang kadahilanan |
| | Mag-aasawang may makukunan ng serbisyong pagpaplano ng pamilya |
| | Mag-aasawang nagpaplano ng pamilya |
| | Mga solong magulang na nakakakuha ng serbisyong pangkalusugan |
| **Tubig at Sanitasyon** | Pamilyang may pagkukunan ng malinis atligtas na maiinom na tubig sa loob ng 250 metro. (o sampung minutong paglalakad mula sa belay) |
| | Pamilyang may malinis na palikuran |
| **Damit** | Pamilyang may pangunahing kasuotan (mga tatlong (3) uri ng panlabas na kasuotan) |
| **Seguridad** | |

| | |
|---|---|
| **Tirahan** | Sariling bahay, inuupahan o pinaghahatian |
| | Bahay na tatagal sa loob ng 5 taon |
| **Kapayapaan at kaayusan/ pampublikong kaligtasan** | Walang meyiembro ng pamilya na nabibiktima ng krimen laban sa pagkatao |
| | Walang meyiembro ng pamilya na ligtas sa krimen laban sa pag-aari |
| | Walang meyiembro ng pamilya ang nabiktima ng natural na kalamidad |
| | Walang meyiembro ng pamilya ang nabiktima ng armadong labanan |
| **Kita at kabuhayan** | Ang puno ng tahanan ay may pinagkakakitaan |
| | Ang ibang meyiembro ng pamilya na 18 taong gulang pataas ay may pinagkakakitaan |
| | Ang pamilya ay may kita na mas mataas sa lebel ng subsistence threshold |
| **Empowerment** | |
| **Pangunahing Edukasyon at Literasiyang gumagana** | Lahat ng bata na 3-5 taong gulang ay nag-aaral sa day care/pre-school |
| | Lahat ng bata na 6-12 taong gulang ay nag-aaral sa elementarya |
| | Lahat ng bata na 13-16 taong gulang ay nag-aaral sa high school |
| | Lahat ng meyiembro ng pamilya 10 taong gulang pataas ay may gumaganang literasiya (nakapagbabasa,nakakasulat at nakagagawa ng simpleng kumpyutasyon) |
| **Participasyon sa pag unlad ng kumunidad** | May isa man lang sa pamilya na bahagi ng isa man lang sa lihitimong asosasyon para sa pag unlad ng komunidad<br>Ang mga kwalipikadong metiembro ng pamilya ay bomoto noong nakaraang eleksyon |

| | |
|---|---|
| **Pangangalagang pampamilya at pangangailangang Psyco-Social** | Walang anak na mababa sa 18 taong gulang ang mayroong delikadong trabaho |
| | Walang insidente ng karahasan sa loob bg pamilya |
| | Walang bata na mababa sa 7 taong gulang ang iniiwan at di naalagaan |

Pinagkunan: *A Guidebook on Installing a Community-Based Information System for Minimum Basic Needs*

**Ang Lumalalang Pangangailangan Sa Pabahay**

Sa susunod na apat na taon, ang Pilipinas ay may tinatayang pangangailangan sa pabahay na umaabot sa 3.36 milyong bahay. Ito'y kung ipapalagay na magkakaroon ng 100% na pag-unlad sa bilang ng pamilya. Sa kabuuang pangangailangan ng belay, mahigit sa 1.12 milyon bahay ang pinapalagay na baklog.

Ayon sa pagtataya ng National Housing Authority (NHA) ang pangunahing ahensya ng gobyerno sa pabahay, ang pangangailangan ngayon sa pabahay ay 4.2 milyon na bahay.

Isang nagpapakita ng napakabigat na krisis sa pabahay ay ang pagsulpot at pagdami ng mga tinaguriang mga "palaboy" na napipilitang tumira sa mga kariton, sa may seawall, sa bangketa, sa mga kalsadang bakante, sa mga parke, sa estero at gilid ng riles, sa sementeryo, sa mga tambakan ng basura at sa ilalim ng tulay.

**Kahirapan at Pangangailangan sa Trabaho at Pagkain**

Mahigit sa 30 milyong Pilipino o 40 porsyento ng populasyon ng Pilipinas ay nabubuhay na mababa sa linya ng kahirapan ayon sa Komisyon ng Populasyon (PopCom).

Ang bilang na ito ay tumaas ng nakaraang apat na taon samantalang ang patuloy na paglaki ng populasyon ay nagbabanta na magdadala ng maraming

pagkagutom at problemang panlipunan. Ang bilang na ito ay tumaas mula sa 37 porsyento ng 68.5 milyong Pilipino noong 1997. Umangat ito sa 40 porsyento ng kasalukuyang 76.5 milyong populasyon.

Ang populasyon ay naitala na lumago sa antas na 2.36 porsyento mula 1995 hangang 2000, mas mabilis sa 2.32 porsyentong pagtaas ng nakalipas na limang taon. Ang komisyon ay nagbanta na sa ganitong bilis na pagtaas, na may 1.7 milyong Pilipino ang ipinanganganak kada taon, o tatlong bata ang isinisinang kada minuto, " ang sosyal na kondisyon ay baka lalong lumala" sapagkat ito ay nakapagpapabigat sa serbisyong gobyerno.

Ang 40 porsyento ng kasalukuyang populasyon ay mahirap, samakatuwid mayroong 30.6 milyong katao o 6.12 milyong pamilya ang mahirap. Ang ibig sabihin mga kalahati nito o mga 15.3 million indibidwal ay bahagi ng tatlong milyong kabahayang walang pagkain sa kanilanng hapag-kainan. Malaking bahagi rin sa bilang ng Pilipino ang gumigising sa umaga na di alam kung saan kukunin ang pagkain na kanilang kakainin. Sila ang mga tinaguriang “subsistence individual or families” dahil nasa ibaba sila ng tarangkahan ng pagkain o yung ang kita ay di sapat para sa pangunahing pangangailangang pagkain.

Dahil dito marami sa kasapi ng pamilyang Pilipino ang isasakripisyo ang paggastos sa pangangailangan sa pangmatagalang kalusugan, edukasyon at pabahay para may magastos sa pagkain. Ang mabilis na pagdami ng populasyon ay humahadlang sa paglago ng pambansang ipon kaya dapat pag-isipan nang husto ang bilang ng magiging anak upang matustusan ang kanilang mga pangangailangan.

Batay sa datos noong 1997, ang ahensya ng statistics ay nagsabi na ang isang Pilipino ay kailangang magkaroon ng buwanang kita na P12,000 upang matugunan ang pangangailangan sa pagkain at iba pang pangangailangan. Ang isang manggagawa sa industriya, karaniwang nag-iisang breadwinner sa mahirap na pamilya kung saan isang magulang lamang ang may trabaho ay tumatanggap ng minimum na sahod kada araw na P255 dito sa Maynila.

| Wages and Cost of Living, NCR 2001 to 2002 | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | On a Daily Basis | | | On a Monthly Basis a/ | | |
| | Minimum Wage Rate | Cost of Living b/ | Disparity | Minimum Wage Rate | Cost of Living b/ | Disparity |
| Jan 2001 | 250.00 | 500.78 | (250.78) | 5,500.00 | 15,023.40 | (9,523.40) |
| Feb | 250.00 | 502.35 | (252.35) | 5,500.00 | 15,070.50 | (9,570.50) |
| Mar | 250.00 | 502.98 | (252.98) | 5,500.00 | 15,089.40 | (9,589.40) |
| Apr | 250.00 | 505.18 | (255.18) | 5,500.00 | 15,155.40 | (9,655.40) |
| May | 250.00 | 506.75 | (256.75) | 5,500.00 | 15,202.50 | (9,702.50) |
| June | 250.00 | 510.84 | (260.84) | 5,500.00 | 15,325.20 | (9,825.20) |
| July | 250.00 | 514.92 | (264.92) | 5,500.00 | 15,447.60 | (9,947.60) |
| Aug | 250.00 | 514.61 | (264.61) | 5,500.00 | 15,438.30 | (9,938.30) |
| Sept | 250.00 | 515.24 | (265.24) | 5,500.00 | 15,457.20 | (9,957.20) |
| Oct | 250.00 | 515.24 | (265.24) | 5,500.00 | 15,457.20 | (9,957.20) |
| Nov | 265.00 | 518.07 | (253.07) | 5,830.00 | 15,542.10 | (9,712.10) |
| Dec | 265.00 | 520.58 | (255.58) | 5,830.00 | 15,617.40 | (9,787.40) |
| Jan 2002 | 265.00 | 526.87 | (261.87) | 5,830.00 | 15,806.10 | (9,976.10) |
| Feb | 280.00 | 525.61 | (245.61) | 6,160.00 | 15,768.30 | (9,608.30) |
| Mar | 280.00 | 528.75 | (248.75) | 6,160.00 | 15,862.50 | (9,702.50) |
| Apr | 280.00 | 530.01 | (250.01) | 6,160.00 | 15,900.30 | (9,740.30) |
| May | 280.00 | 532.53 | (252.53) | 6,160.00 | 15,975.90 | (9,815.90) |

***Bulatlat.com computation based on DOLE and NSO data***

a/ Monthly Minimum Wage Rate assumes 22 working days per month while Cost of Living assumes 30 days per month

b/ cost of living computed on the basis of food and nonfood needs of a family

Ayon sa kompyutasyon ng **Bulatlat.com** noong Mayo 2003 ang pamilyang may anim na kasapi na naninirahan sa Maynila ay nangangailangan ng P532.53 ($10.53) para sa pagkain at di-pagkaing pangangailangan sa isang araw. Doon naman sa naninirahan sa labas ng Metro Manila, kailangan nila ng P396.12 or $7.83 (agrikultural na lugar) at P416.76 or $8.24 (di-agrikultural na lugar).

Ayon naman sa datos ng Departamento ng Paggawa at Empleyo (DOLE) ang minimum na araw-araw na pasahod sa Metro Manila ay tinaas lamang sa P30 ($0.59) mula Enero 2001. Ipagpalagay na 22-araw na trabaho-buwan, ito ay umaabot sa maliit na dagdag na P660 ($13.05).



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Sagutin ang mga sumusunod na tanong base sa grap.

**National Government Cash Budget**
**2000 to 2003**
**(In million pesos)**

| Item | 2003 | 2002 | 2001 | 2000 |
|---|---|---|---|---|
| Revenues | 626,630 | 567,293 | 563,732 | 514,762 |
| Expenditures | 826,493 | 779,976 | 710,755 | 648,974 |
| Surplus (Deficit) | (199,863) | (212,683) | (147,023) | (134,212) |
| Financing | 286,823 | 264,176 | 175,235 | 198,211 |
| Change in Cash | 25,767 | 1,117 | (22,229) | 3,810 |
| Budgetary | 86,955 | 51,493 | 28,212 | 61,383 |
| Non-budgetary | (61,188) | (50,376) | (50,441) | (57,573) |

Source: Bureau of the Treasury.

a. Ilang bilyong piso ang perang badyet ng gobyerno noong 2003?____________________

b. Magkano naman ang nakolektang pera ng gobyerno noong 2003?____________________

c. Magkano ang kabuuang kakulangan ng gobyerno sa pananalapi mula 2000-2003?____________________

2. Gumawa ng “Line Graph” na naghahambing sa perang ginastos at kinita ng gobyerno mula 2000-2003. Ilagay ito sa isang malinis na papel.



**Tandaan Mo!**

- Ang Pilipinas ay may tinatayang pangangailangan sa pabahay na umaabot sa 3.36 milyong bahay.
- Isang nagpapakita ng napakabigat na krisis sa pabahay ay ang pagsulpot at pagdami ng mga tinaguriang “palaboy” na napipilitang tumira sa mga kariton, sa may seawall, sa bangketa, sa mga bakanteng kalsada, sa mga parke, sa estero at gilid ng riles, sa sementeryo, sa mga tambakan ng basura, at sa ilalim ng tulay.
- Ang 40 porsyento ng kasalukuyang populasyon ay mahirap. Samakatuwid, mayroong 30.6 milyong katao o 6.12 milyong pamilya ang mahirap.
- Ang pamilyang may anim na kasapi na naninirahan sa Maynila ay nangangailangan ng P532.53 ($10.53) para sa pagkain at di-pagkaing pangangailangan sa isang araw. Doon naman sa naninirahan sa labas ng Metro Manila, kailangan nila ng P396.12 ($7.83) sa agrikultural na lugar at P416.76 ($8.24) sa di-agrikultural na lugar.




**Gawain 3: Paglalapat**

Gawain A**:** Suriin ang grap sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod.

**Figure 4. Major Trading Partners of the Philippines: 2003**

FOB Value in Million US




1. Anong uri ng grap ito?________________________________________
2. Tungkol sa ano ang grap na ito?________________________________
3. Nakakatulong ba sa pagbabawas ng kakapusan ang pag-aangkat?__________
4. Sa anong bansa natin inaangkat ang malaking bahagi ng ating kakulangan?


   ____________________________________________________
5. Magbigay ng tatlong epekto ng mataas na pag-aangkat kaysa sa export
   1. __________________________________________________
   2. __________________________________________________
   3. __________________________________________________

B. Pag-aralan mo ang sumusunod na grap sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod.

Ang kabuuang pakikipagkalakal ng bansa noong 2003 ay tumaas ng 4.4 porsyento na nagkakahalaga ng $ 73.728 bilyon mula sa $ 70.635 bilyon ng 2002. Ang kabuuang export ay nagkakahalaga ng $36.231 bilyon mas mataas ng 2.9 porsyento mula sa nakaraang $35.208 bilyon. Ang ginastos naman sa mga inangkat na kalakal ay tumaas ng 5.8 porsyento na nagkakahalaga ng $37.497 mula sa $35.427 bilyon.Nagtala ang bansa ng $ 1.265 bilyong deficit sa pakikipagkalakal noong 2003 mas malaki kaysa sa deficit na $218 million noong 2002.

**Figure 1. Trade Performance: 2002 and 2003**

FOB Value in Billion US Dollars




1. Anong uri ng grap ang nasa itaas?____________________

2. Tungkol sa ano ang grap?___________________________________

3. Aling kalakal ang sa palagay mo ay dapat unahing angkatin ng higit na marami?

   1. ______________________________________________________________
   2. ______________________________________________________________
   3. ______________________________________________________________

4. Ano ang magiging suliranin kung hindi ito aangkatin?

   1. ______________________________________________________________
   2. ______________________________________________________________
   3. ______________________________________________________________

5. Ano ang negatibong epekto ng pagkakaroon ng deficit sa pakikipagkalakal?

   1. ______________________________________________________________
   2. ______________________________________________________________
   3. ______________________________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Limitado ang yaman at pangmatagalan ang kakapusan. Panandalian at may kasapatan ang kakulangan.
- Ang kakapusan at kakulangan ay magkaugnay.
- Kalamidad, populasyon, maling paggamit ng yaman ang sanhi ng kakapusan.
- Makikita ang malubhang malnutrisyon, kahirapan, mataas na presyo ng mga kalakal kapag may kakapusan.
- Mahalaga ang tamang desisyon upang di dumanas ng kakapusan.
- Ang "trade off" ay pagsuko sa ibang mga ninanais upang makamtan ang mas higit na kailangan
- Ang "opportunity cost" ay ang halaga ng pagsuko ng benepisyong makukuha dahil ginamit sa iba ang limitadong yaman.
- Ang pangangailangan ay mga bagay na makakatulong upang manatiling buhay ang tao. Ang kagustuhan naman ay mga bagay na magpapagaan ng buhay ng tao.
- Ayon sa Teorya ni Abraham Maslow, ang baytang ng pangangailangan ay binubuo ng mga sumusunod:
    a. pangangailangang pisyolohikal
    b. pangangailangang pangkaligtasan
    c. pangangailangang makisalumuha, makisapi, at magmahal
    d. pangangailangang mabigyan ng pagpapahalaga ng iba
    e. pangangailangang maisapatupad ng kalagayang pagkatao
- Ang pamantayan ng kagustahan ng tao ay nakabatay sa kanyang kita, hilig, kultura, pangkat na kinabibilangan at iba pang salik.
- Ang Pilipinas ay may tinatayang pangangailangan sa pabahay na umaabot sa 3.36 milyong bahay
- Ang 40 porsyento ng kasalukuyang populasyon ay mahirap, sa makatuwid mayroong 30.6 milyong katao o 6.12 milyong pamilya ang mahirap

- Ang pamilyang may anim na kasapi na naninirahan sa Maynila ay nangangailangan ng P532.53 ($10.53) para sa pagkain at di-pagkain pangangailangan sa isang araw. Doon naman sa naninirahan sa labas ng Metro Manila, kailangan nila ng P396.12 or $7.83 (agrikultural na lugar) at P416.76 or $8.24 (di-agrikultural na lugar).



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin ang hindi pamamaraan upang masolusyonan ang kakapusan?

A. Episyenteng paggamit ng yaman
B. Produktibidad ng manggagawa
C. Paglaki ng populasyon
D. Pagdami ng kapital

2. Ilang porsyento ng 76.5 milyong Pilipino ang mahihirap sa taong 2000 ayon sa NSO?

A. 20
B. 30
C. 40
D. 50

3. Ang pagkakaroon ng dagdag na produktong nalilikha mula sa parehong halaga ng produksyon.

A. Efficiency
B. Produktibidad
C. Teknolohiya
D. Pag-unlad

4. Ito ay isa sa pangunahing pangangailangan.

A. Pagkain
B. Kotse
C. Alahas
D. Damit

4. Ang unang baytang sa pangangailangan ayon kay Maslow ay:

A. pangangailangang pisyolohikal
B. pangangailangang pangkaligtasan
C. pangangailangan sa pagmamahal
D. pangangailangan sa dangal at pangalan

5. Ang pagsuko sa paggawa ng isang produkto upang maisagawa ang isa pang produkto ay tinatawag na:

A. Halaga ng oportunidad
B. Trade off
C. Kakulangan
D. Kagustuhan

6. Ang pamantayan sa pagsusunud-sunod ng mga kagustuhan ayon sa kahalagahan ay nakasalalay sa:
   A. Kita
   B. Panlasa
   C. Kultura
   D. Artista

7. Ang pinakamahirap na probinsya sa Pilipinas noong 2000.
   A. Sulu
   B. Masbate
   C. Lanao del Norte
   D. Saranggani

8. Ang papaunting pakinabang na natatamo habang dumadami ang produksyon ng isang produkto.
   A. Halaga ng oportunidad
   B. Batas ng papaunting pakinabang
   C. Trade off
   D. Kakulangan

9. Ito ay tumutukoy sa hangganan ng produktong pang-ekonomiya.
   A. Kakapusan
   B. Kakulangan
   C. Kahirapan
   D. Pangangailangan

10. Ang ikalawa sa limang bahagdan ng pangangailangan ayon kay Maslow.
   A. Pisyolohikal
   B. Seguridad
   C. Pangalan
   D. Kaganapan

11. Ito ay isa sa positibong epekto ng paglaki ng populasyon
   A. Kakulangan sa pagkain
   B. Pagkakaroon ng maraming pabahay
   C. Paglaki ng mangungunsumo
   D. Paglaki ng gagastusin sa serbisyong panlipunan

12. Ang salik ng produksyon na nagsasama-sama sa iba pang salik ng produksyon upang makagawa ng kalakal.

A. Lupa
B. Paggawa
C. Kapital
D. Entrepreneur

13. Ang pagdami ng nagagawa ng isang manggagawa kumpara sa dati niyang nagagawa.

A. Efficiency
B. Produktibidad
C. Teknolohiya
D. Pag-unlad

15. Ang resulta ng kakulangansa pagkain na bunga ng kakapusan.

A. Malnutrisyon
B. Gutom
C. Kahirapan
D. Kawalan ng trabaho

16. Ang proseso ng pagsasama-sama ng ng lupa, paggawa, kapital at entrepreneur upang lumikha ng kalakal o paglilingkod.

A. Distribusyon
B. Alokasyon
C. Produksyon
D. Trade off

17. Ang epekto ng pag-aagawan sa pagbili ng produktong kulang sa suplay.

A. Pagbaba ng presyo
B. Paglago ng industriya
C. Taggutom
D. Pagtaas ng presyo

18. Ito ay tumutukoy sa mga bagay na nagpapagaan sa uri ng pamumuhay.

A. Pangangailangan
B. Kagustuhan
C. Kakulangan
D. Kakapusan

19. Ang panandaliang solusyon sa kakulangan ng suplay sa mga produktong di malikha sa bansa.
    A. Pagkakalakal
    B. Pag-aangkat
    C. Pag export
    D. Pagpipili

20. Anong pangangailangan ang pinakamataas ayon kay Maslow?
    A. Pisyolohikal
    B. Seguridad
    C. Kaganapan
    D. Karangalan



## GABAY SA PAGWAWASTO

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. B | 6. A | 11. A | 16. C |
| 2. B | 7. A | 12. D | 17. C |
| 3. A | 8. B | 13. B | 18. C |
| 4. B | 9. D | 14. A | 19. B |
| 5. A | 10. C | 15. B | 20. A |

**ARALIN 1 LIMITASYON NG LIKAS NA YAMAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. 1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

B. 1. Dahon – walis
Bunga – langis
Sabaw – suka
Ubod – gulay
Ugat – gugo
Puno – kahoy
(May iba pang sagot)

2. Mauubos ang magtutustos ng ibang produkto.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Ang grap ay isang *line graph*.
2. Ito ay tungkol sa bilang ng isinisilang at namamatay
3. Lumalaki ang populasyon.
4. Nauubos ang likas na yaman.
5. Ang yaman ay may katapusan at hanganan.

**Gawain 3: Paglalapat**

A.

lindol, bagyo, baha, pagputok ng bulkan

dinamita, lason, pinong lambat

residensyal

agrikultural

B.

1. Trade Off
2. Opportunity Cost
3. Law of Diminishing Return
4. Isangguni sa guro.
5. Isangguni sa guro.

**ARALIN 2 KAKAPUSAN AT KAKULANGAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A.

1. Palatandaan
2. Sanhi
3. Palatandaan
4. Epekto
6. Epekto
7. Palatandaan
8. Sanhi
9. Palatandaan

5. Palatandaan 10. Palatandaan

B.
1.Kakapusan
2.Kakulangan
3.Kakapusan
4.Kakulangan
5. Kakulangan

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. bagyo, lindol, pestisidyo, pinong lambat, dinamita, *fertilizer*

B.
1. Ang grap ay isang *bar graph*.
2. Ito ay tungkol sa lebel ng populasyon at pag-unlad.
3. Mga 70 milyon
4. Wala
5. Meron

**Gawain 3: Paglalapat**

A.
1. PAGTAAS NG SWELDO
2. MALNUTRISYON
3. PAGTAAS NG PRESYO
4. PAG-ANGKAT
5. KRIMINALIDAD

B.
1. Produktibidad ng manggagawa
2. Episyenteng paggamit ng yaman
3. Pagpapalago sa yaman

C.
1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Tama

5. Tama

D.

1. 1. Bumababa ang badyet sa serbisyo.
   2. Bumababa ang halaga ng piso.
   3. Tumataas ang presyo ng bilihin.
2. 4,063,647 milyong dolyar
3. Utang Panlabas =2,337231 milyong dolyar
4. Hindi, mas nagpapalala ang korapsyon sa gobyerno at hindi tamang paggamit ng yamang inutang

**ARALIN 3 ANG KAGUSTUHAN AT PANGANGAILANGAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Sariling palagay ng mag-aaral

B.

Pangangailangan - pagkain, damit, tirahan

Kagustuhan -kotse, alahas, T.V., aircon, ref, cell phone

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sariling palagay ng mag-aaral

**Gawain 3: Paglalapat**

Sariling palagay ng mag-aaral

**ARALIN 4 ANG PILIPINO AT ANG KANYANG PANGANGAILANGAN AT KAGUSTUHAN**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Isangguni sa guro.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. a. 514,762 Milyong Piso
   b. 6 48,974 Milyong Piso
   c. 114,212 Milyong Piso
2. Ipatsek sa guro.

**Gawain 3: Paglalapat**

A.

1. Ito ay isang *pie graph*.
2. Ito ay tungkol sa pangunahing kapartner sa kalakal ng bansa.
3. Nakakatulong.
4. Estados Unidos
5. 1. Kakulangan sa dolyar
   2. Pagbagsak ng lokal na industriya
   3. Pagbaba ng halaga ng Piso

B.

1. Ito ay isang *bar graph*.
2. Ito ay tungkol sa balanse ng pangangalakal ng Pilipinas.
3. 1. Langis
   2. Malalaking makinarya
   3. Mga Gamot
4. 1. Babagal ang takbo ng ekonomiya.
   2. Magkakaroon ng kakulangan.
   3. Maraming sakit ang di malulunasan.

5. 1. Kakulangan sa reserbang dolyar
   2. Pagkawala ng yaman
   3. Di paglago ng lokal na industriya

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. B | 11. B | 16. C |
| 2. C | 7. A | 12. C | 17. D |
| 3. A | 8. B | 13. D | 18. B |
| 4. A | 9. B | 14. B | 19. B |
| 5. A | 10. B | 15. A | 20. C |